
	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0003
	Title	Extension on the Filing/Re-filing Period for COVID-19-related Claims of Government Health Facilities

Tanong	Sagot
<p>1. Ano ang basehan ng PhilHealth upang bigyan ng extension ang mga government facilities sa pagsusumite ng mga COVID-19-related claims?</p>	<p>Sa bisa ng Proclamation No. 922 s. 2020, ang buong Pilipinas ay isinailalim sa State of Public Health Emergency dahil sa pagkakaroon ng local transmission at paglaganap ng mga kaso ng COVID-19 sa buong bansa hanggang bawiin ng Presidente ng Pilipinas.</p> <p>Samantala, sa bisa naman ng Proclamation No. 297 s. 2023, inalis na sa State of Public Health Emergency ang buong bansa noong July 21, 2023 at inatasan ng Pangulo ang mga ahensya ng gobyerno na siguruhing ang kanilang mga polisiya at patakaran ay alinsunod sa pagbawi ng State of Public Health Emergency.</p> <p>Bunsod nito, inilabas ng PhilHealth Board ang Resolution No. 2859 s. 2023 upang palawigin ang panahon ng pagsusumite o pag-“refile” ng mga COVID-19-related claims ng mga government health facilities hanggang July 21, 2023.</p>
<p>2. Ano-anong mga claims ang nasasaklawan ng PC 2024-0003?</p>	<p>Ang mga sumusunod na claims ng mga government health facilities ay saklaw ng PC 2024-0003:</p> <ol style="list-style-type: none"> a. Mga COVID-19-related denied claims o iyong mga posibleng ma-deny dahil sa “late filing” o “late re-filing” sa PhilHealth Regional Office-Benefits Administration Section (PRO-BAS); b. Mga COVID-19-related-claims na na-deny ng PRO-BAS dahil sa “late filing” o “late re-filing” at sa kasalukuyan ay may nakabinbing “administrative protest” sa PRO-Claims Review Committee (CRC), kasama dito ang “late filing” ng administrative protest; at c. Mga COVID-19-related-claims na na-deny ng PRO-BAS at PRO-CRC dahil sa “late filing” o “late re-filing” at sa kasalukuyan ay may nakabinbin o magsusumite pa lang ng “appeal” sa Protest, Appeal, and Review Department (PARD), kasama dito ang “late filing” ng administrative protest at “late filing” ng “appeal”. <p>Ang lahat ng mga nasabing COVID-19-related claims ay dapat nai-file o nai-refile bago o sa araw mismo ng July 21, 2023.</p>

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0003
	Title	Extension on the Filing/Re-filing Period for COVID-19-related Claims of Government Health Facilities

<p>3. Ano ang epekto ng PC 2024-0003 sa mga nabanggit na claims?</p>	<p>Ang COVID-19-related claims ng mga government health facilities ay hindi madi-deny nang dahil sa “late filing” sa PRO-BAS, “late re-filing” sa PRO-BAS, “late filing” ng administrative protest sa PRO-CRC, o “late filing” ng appeal sa PARD, kung ang mga nasabing claims ay nai-file o re-file bago o sa araw mismo ng July 21, 2023.</p>
<p>4. Ano ang mangyayari kung ang mga COVID-19-related claims ng government facilities ay may makitang ibang rason para ma-deny?</p>	<p>Ang mga COVID-19-related claims ng mga government health facilities na makikitaan ng ibang rason para ma-deny, maliban sa mga late filing o re-filing ng kanilang claim, late filing ng kanilang administrative protest, o late filing ng kanilang appeal ay susuriin alinsunod sa mga umiiral na patakaran ng PhilHealth patungkol sa claims.</p>